# *Ang Mga Tungkulin ng Saserdote Yugto 1*
# *Panimula at Mga Alintuntunin sa Pagbuo ng Pamilya.*

***"9 Datapuwa't kayo'y isang lahing hirang, isang makaharing pagkasaserdote, bansang banal, bayang pag-aaring sarili ng Dios, upang inyong ipahayag ang mga karangalan niyaong tumawag sa inyo mula sa kadiliman, hanggang sa kaniyang kagilagilalas na kaliwanagan:" (2 Pedro 2:9)***

Kapag tayo ay lumapit upang makilala si Cristo at tumugon tayp sa tawag ng Dios, tayo'y magiging lahing hinirang ng Dios. Sa pamamagitan ng dugo ni Jesus at ang Kanyang ginawa sa krus, ang ating mga kasalanan ay napawalang bisa pagkatapos nating lumapit sa Kanya nang may pagsisisi. Tinanggap natin ang buhay na walang hanggan at tayo'y naging mga anak ng Dios. Tinawag tayo ng Dios ng Kanyang lahing hinirang at ibinigay ang titulo na ***"isang makaharing pagkasaserdote,"*** sa mga naninindigan sa harapan Niya, upang paglingkuran Siya, at ang Kanyang bayan. Ang saserdote dito sa hanya na ito ang mga mensahe ay isang Cristianong lalaki na itinalaga ng Dios upang manguna sa bahay at sa simbahan.

Sa una, kapag narinig ng mga tao'y ang salitang ***"saserdote"*** na binanggit, ang unang dumadating sa isip na naiisip nila sa salitang ito'y tumutukoy sa mga relehiyong namumuno tulad ng mga pari o mga pastor sa simbahan. Ngunit sa katotohanan ay ito: Ang lahat na tinawag ng Dios at tinanggap ang pagkatawag ng Dios upang mamuhay ng para sa Dios ay isang saserdote para sa Panginoon.

Tayo, na sumusunod sa Panginoong JesuCristo ay mga Makaharing Pagkasaserdote ng Dios sa mundo. Ang Makaharing Pagkasaserdote ay nangangahulugang mga saserdote ng Hari ng mga hari at ang Panginoon ng mga panginoon, ang Panginoong Jesucristo. Tayo ay tinawag na mga Makaharing Saserdote upang ipahayag sa lahat sa sanglibutan ang Salita ng Dios, at upang ipahayag ang mga papapuri sa Dios na tumawag sa atin mula sa kadiliman o makasalanang buhay papunta sa kaliwanagan at katuwiran ng Dios.

Paano natin ipapahayag ang mga papuri sa ating Dios? Tayo ay nagpupuri sa Dios hindi lamang sa ating pagkanta bagkus sa ating pamumuhay sa ating buhay na naayon sa Salita ng katotohanan, ang Bibliya. Ang pagkanta at pagtugtog ng musika ng walang pagsunod sa Salita ng Dios ay pagsamba patungo kay Satanas at hindi sa Dios. Ang Dios ay tinawag tayo upang maging makaharing mga saserdote, upang maging Kanyang tunay na mananamba, at upang gabayan ang iba sa totoong pagsamba. Ang tunay na pagsamba ay upang ialay ang ating buong buhay sa Dios, at sa pang araw-araw na isapamuhay ang Salita ng Dios. ***"1 Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba." (Mga Taga Roma 12:1)*** Ang tunay na pagsamba ay upang ipamuhay ang Salita ng Dios sa ating buhay, upang sanayin na sumunod sa mga tuntunin ng Dios, at makaapekto sa mga taong nasa paligid natin nang walang kompromisong mensahe ng katotohanan ng Dios. Upang maging isang tunay na sumasamba ay nangangahulugang dapat mamuhay ng buhay na kaaya aya at sa pagsunod sa Salita ng Dios bago kumanta o magsalita ng Salita ng Dios sa iba. Ang Makaharing mga saserdote ay ang mga totoong sumasamba na tinawag ng Dios upang sambahin Siya sa Espiritu at katotohanan.

Upang maging Makaharing saserdote ng Panginoong JesuCristo ay hindi lamang para sa ilang panahon o sa ilang mga lugar, bagkus ang buong buhay natin at sa lahat ng lugar kung saan pinahintulot ng Dios na tayo'y mamuhay. Sa simula ng panahon na itinalaga natin ang ating buhay sa Panginoon tayo ay naging mga saserdote para sa Dios saan man tayo naroroon, at para sa lahat ng araw ng ating buhay hanggang ang Panginoon ay dumating at dalhin tayo sa Langit.

Habang naghihintay para sa pagbabalik ng ating Kataas-taasang Saserdote, ang Panginoong JesuCristo, kailangan nating magawa ang ating paglalarawan ng trabaho bilang Makaharing mga Saserdote patungo sa tatlong pangunahing mga pangkat na tinukoy sa Banal na Kasulatan.

**1. <u>Sa ating Pamilya</u>:** Ang ating sariling pamilya ay ating pangunahin bilang makaharing mgasaserdote. May pananagutan tayo sa ating asawa at sa ating mga anak. Kailangan nating panatilihin ang ating pangako sa ilang mga taong ito na ating unang antas ng mga kasapi ng pamilya. Kailangan natin na paglingkuran sila upang epektibong mapaglingkuran ang Dios. ***"4 Namamahalang mabuti ng kaniyang sariling sangbahayan, na sinusupil ang kaniyang mga anak na may buong kahusayan." (1 Timoteo 3:4)***

**2. Sa ating Simbahan:** Tayo ang makaharing mga saserdote at tayo ang Simbahan ng Dios. Tayo'y may pananagutan na harapin ang ating tungkulin bilang saserdote at gawin ang ating pananagutan patungo sa Simbahan na ang Panginoon ang naglagay sa atin. ***"24 Ngayo'y nagagalak ako sa aking mga hirap dahil sa inyo, at aking pinupunan sa akin ang kakulangan ng mga hirap ni Cristo sa aking laman dahil sa kaniyang katawan, na siyang simbahan; 25 Na ako'y ginawang ministro nito, ayon sa pamamahala na mula sa Dios na ibinigay sa akin para sa inyo upang maipahayag ang salita ng Dios, 26 Maging ang hiwaga na inilihim sa lahat ng panahon at lahi: datapuwa't ngayo'y ipinahayag sa kaniyang mga banal, 27 Na sa kanila'y minagaling ng Dios na ipakilala kung ano ang mga kayamanan ng kaluwalhatian ng hiwagang ito sa gitna ng mga Gentil, na ito'y si Cristo na nasa inyo, na pagasa ninyo sa kaluwalhatian: 28 Na siya naming inihahayag, na pinaaalalahanan ang bawa't tao at tinuturuan ang bawa't tao, sa buong karunungan, upang maiharap naming sakdal kay Cristo ang bawa't tao; 29 Na dahil dito'y nagpapagal din naman ako, na nagpipilit ayon sa kaniyang paggawa, na siyang sa akin ay gumagawa na may kapangyarihan." (Colosas 1:24-29)***

**3. Sa lipunan na nasa paligid natin:** Tayo ang mga makaharing saserdote upang ipahayag ang mga papuri sa Dios. Tinawag tayo upang mamuhay ng makadios, upang manalangin para sa mga naliligaw, upang gawin ang ating makakaya upang mangaral, at upang makamit ang mga kaluluwa para kay Cristo. Samakatuwid, dapat tayong magpakita ng isang mabuting halimbawa sa iba na makita sa gayo'y mangakita nila ang Dios sa pamamagitan natin. ***"16 Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit." (Mateo 5:16)***

May pananagutan ang mga saserdote upang panatilihing paningasin ang ilawan araw-araw sa Tabernakulo. Tayo ay bayan ng Dios, ang mga maharlikang saserdote na araw-araw na nakatayo sa harap ng Dios, upang maglingkod sa Kanya at sa Kanyang bayan sa paraan na inilaan Niya para sa atin.

Ngayon ating pag uusapan ang tungkol sa mga alintuntunin sa pagtatag ng pamilya: ***"3 Datapuwa't ibig ko na inyong maalaman, na ang pangulo ng lalake ay si Cristo, at ang pangulo ng babae ay ang lalake, at ang pangulo ni Cristo ay ang Dios." (1 Corinto 11:3)*** Ang Dios Ama ay ang pangulo ni Cristo, ang Dios Anak. Si Cristo ay ang pangulo ng lalaki, at ang lalaki ay ang pangulo ng babae, ng kaniyang asawang babae. Ang lalaki ay ang saserdote upang manguna sa Kanyang asawang babae; at silang pareho, ang lalaki at ang babae, ay itinalaga bilang mga saserdote upang gawing magkasama sa pangunguna sa kanilang pamilya upang sambahin ang Dios.

***A. Ang Lalaki bilang isang Pari:*** May ibang nagsasabi, "Kung ako ay saserdote, at nasaan ang aking tungkulin at saang simbahan?" Ang unang tungkulin ng isang lalaki bilang saserdote ay upang manguna sa kaniyang pamilya sa Dios sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon. ***"25 Mga lalake, ibigin ninyo ang inyo-inyong asawa, gaya naman ni Cristo na umibig sa simbahan, at ibinigay ang kaniyang sarili dahil sa kaniya; 26 Upang kaniyang pakabanalin ito, na nilinis sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na may salita." (Efeso 5:25-26)*** Ang lalaki bilang saserdote ng pamilya ay dapat ibigin at alagaan ang kanyang pamilya gaya ni Cristo na may pagibig at pangangalaga para sa Kaniyang simbahan. Ang lalaki ay asawa at ama na nagtatrabaho at kumikita para sa pamilya, at maglaan para sa asawang babae at mga anak. Bilang karagdagan, dapat niyang isagawa sa kanyang pamilya tulad ng isang pastor na nangangalaga at nangunguna sa simbahan. Siya ang magiging pastor ng kanyang sariling sambahayan, at ang kanyang pamilya ay magiging kapisanan ng Simbahan ng Dios. Sa gayon kailangan niyang maging handa sa espiritwal upang manguna sa kanyang asawang babae at sa mga anak sa pagbabasa, pag-aaral, at pamumuhay ng Salita ng Dios, sa pang araw-araw na pananalangin at pamilyang sumasamba.

***B. Ang Lalaki at Babae bilang mga saserdote:*** Matapos ikasal ng isang lalaki at isang babae sila'y makaharing mga saserdote para sa kanilang sariling pamilya. Sila'y may pananagutan upang alagaan ang bawat isa at palakihin ang kanilang anak sa mga daan ng Panginoon at sa takot at paggalang sa Dios. Ang lalaki bilang pari sa pamilya na ang Panginoon ang nagtalaga ay hindi nag-iisa, ngunit naglagay ang Panginoon sa kanya ng isang angkop na kapareha upang makatulong niya sa pagbibigay para sa pamilya at sa pangunguna sa anak na mamuhay sa daan ng Panginoon. Para sa kadahilanang ito ating basahin: ***"22 Mga babae, pasakop kayo sa inyo-inyong sariling asawa, na gaya ng sa Panginoon. 23 Sapagka't ang lalake ay pangulo ng kaniyang asawa, gaya naman ni Cristo na pangulo ng iglesia, na siya rin ang tagapagligtas ng katawan. 24 Datapuwa't kung paanong ang iglesia ay nasasakop ni Cristo, ay gayon din naman ang mga babae ay pasakop sa kani-kaniyang asawa sa lahat ng mga bagay." (Efeso 5:22-24)*** Habang ginagawa ng lalaki ang kanyang bahagi upang ibigay, alagaan at pangunahan ang pamilya, dapat igalang, makinig at magpasailalim ang

asawang babae sa mga tuntunin ng kanyang asawang lalaki upang pareho nilang makayanang alagaan at pangunahan ang kanilang anak sa presensya ng Panginoon. Ngunit kung ang asawang lalaki ay hindi ginagawa ang kanyang tungkulin para sa kanyang pamilya at masuwayin sa Salita ng Dios at ng mga utos, sa gayon ang dahilan ng pagpapasailalim ng asawang babae sa kanyang asawang lalaki ay pakikipagkasunduan. Ang pagpapasailalim sa Salita ng Dios ay dapat maging damayan sa pagitan ng asawang lalaki at asawang babae. ***"21 Na pasakop kayo sa isa't isa sa takot kay Cristo." (Efeso 5:21)*** Ang kapwa mag-asawa ay kailangang matuto ng masigasig mula sa Salita ng Dios sa kanilang pananagutan sa bawat isa at patungo sa pamilya. Inilagay sila ng Dios bilang mga saserdote sa kanilang pamilya at mga anak, kaya't kailangan nilang gawin ang kanilang bahagi habang sila'y ganap na sumusunod sa Salita ng Dios. ***"33 Gayon man ay umibig naman ang bawa't isa sa inyo sa kani-kaniyang sariling asawa gaya ng sa kaniyang sarili; at ang babae ay gumalang sa kaniyang asawa." (Efeso 5:33)***

***C. <u>Ang Tungkulin ng Simbahan sa Pag-aasawa</u>:*** Ang asawang lalaki ay ang pangulo ng pamilya, at ang asawang babae ay ang angkop na makakatulong para sa asawang lalaki na siyang mangunguna sa pamilya upang gawin ang kalooban at plano ng Dios. Kapwa tinawag sila upang turuan at alagaan ang kanilang mga anak sa pisikal at espiritwal dahil ang nais ng Dios ay makadios na pamilya. ***"15 At di baga siya'y gumawa ng isa, bagaman siya'y may labis na Espiritu? At bakit isa? Kaniyang hinanap ang lahing maka Dios. Kaya't ingatan ninyo ang inyong kalooban, at huwag nang manglilo laban sa asawa ng kaniyang kabataan." (Malacias 2:15)***

* Dahil dito, napakahalaga na ang simbahan ay dapat makilala kung sino ang pagsasamahin ng Dios bilang mag-asawa bago sang-ayunan ang anumang kasal. Ang mga Pastor ay tinawag upang pangasiwaan ang kasal at ang bayan ng simbahan ay tinawag upang pagpalain ang mag-asawa na pilinano at hinanda ng Dios. Gayunpaman, kung ang kasal ay ninais at pinaghandaan lamang ng kapwa lalaki at babae, at sila'y hindi handa na maging mga saserdote para sa pamilya, ito ba ay magbibigay ng kapurihan sa Dios? Kaya't ang simbahan at ang pastor ay hindi dapat sumang-ayon o pagpalain ang ganitong mga pag-aasawa o pangasiwaan sila. * Ang isang mananampalataya na naniniwala sa kanyang sarili ay hindi maaaring pumili kung kanino niya gusto o nais na magpakasal. Sa halip siya/niya ay dapat sumunod sa kalooban ng Dios at tanggapin ang pinili ng Dios para sa kanya upang maisakatuparan ang plano ng Dios sa pagbuo ng makadios na pamilya. Ang simbahan at mga pastor ay kailangang manindigan upang sumunod sa katuruan ng Bibliya at halimbawa sa paanong maihanda at pasimulan ang pag-aasawa. ***"4 Maging marangal nawa sa lahat ang pagaasawa, at huwag nawang magkadungis ang higaan: sapagka't ang mga mapakiapid at ang mga mapangalunya ay pawang hahatulan ng Dios." (Hebreo 13:4)***

Ang isang mananampalataya ay dapat magpakasal sa isa pang mananampalataya. Ngunit hindi nangangahulugan na ang mananampalataya ay maaring mag-asawa sa kahit sinong mananampalatayang gustuhin niya. Malinaw na inilarawan sa Banal na Kasulatan na ibibigay ng Dios ang angkop na katuwang sa lalaki kapag siya ay responsable, handa, at ganap na na para sa pag-aasawa. Kahit na ang isang mananampalataya ay nais mag-asawa sa isa pang mananampalataya, kailangan nating bilang simbahan na tiyakin na ito'y kalooban ng Dios at hindi lamang isang makamundong pagnanasa. Sa katiyakan, ang Dios ay magbibigay sa tamang panahon sa tamang katuwang sa bawat walang asawang mananampalataya na nagagalak na isakatuparan ang plano ng Dios at mamuhay ayon sa Salita ng Dios. ***"18 At sinabi ng PANGINOONG Dios, Hindi mabuti na ang lalake ay magisa; siya'y ilalalang ko ng isang katulong niya." (Genesis 2:18)***

Kasunod sa kasal ng mag-asawa, ang pangunahing pananagutan ng Simbahan ay turuan at sanayin ang asawang lalaki at babae na maging sa kung anong kailangan nilang gawin para sa kanilang pamilya at mga anak. Ito ay pananagutan ng mga magulang na alagaan, sanayin at turuan ang kanilang mga anak. Kaya't ang simbahan ay dapat suportahan ang mga magulang, upang bigyan at sanayin sila na maging epektibo sa padidisiplina at pagtuturo sa kanilang mga anak upang maging makadios na mga supling.

***D. <u>Ang Pamilya bilang Paaralan</u>:*** Dapat nating bantayan, ipanalangin, at maghintay sa Dios upang ibigay ang mga makasaserdoteng katuwang sa walang asawang mananampalataya sa ating simbahan, na ito'y, isang lalaki o babae na makakayang makapagpalaki ng pamilya sa pagsamba at pagtakot sa Dios. Kailangan na ang isang lalaki o babae na papasok sa pag-aasawa ay handa, at kayang palakihin ang mga anak sa isang maka-Dios na paraan. ***"6 At ang mga salitang ito, na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, ay sasa iyong puso; 7 At iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga at pagka ikaw ay bumabangon. 8 At iyong itatali na pinakatanda sa iyong kamay at mga magiging pinakatali sa iyong noo. 9 At iyong isusulat***

***sa itaas ng pintuan ng iyong bahay at sa iyong mga pintuan-daan." (Deutronomio 6:6-9)*** Ang mga magulang ay may pananagutan upang turuan ang kanilang mga anak sa tahanan ng pagdidisiplina at ng alintuntunin ng Dios, sa Bibliya. Ang kanilang tahanan ay paaralan ng kanilang mga anak. Ang magulang ay mga saserdote at mga guro sa kanilang pamilya, na may pananagutan upang alagaan ang mga anak na maging mga pari din para sa Dios sa susunod na henerasyon. Ang asawang lalaki at babae bilang mga saserdote sa pamilya ay dapat itatak sa kanilang mga anak ang Salita ng Dios. Dapat nilang turuan araw-araw sa pagbibigay ng makadios na mga payo at mga utos gaya ng pagbangon sa umaga o paghiga nila sa gabi, habang sila'y nasa loob o labas ng kanilang tahanan. Sila dapat ang magturo sa pamamagitan ng pagpapakita sa kanila ng makatotohanang halimbawa ng buhay ng pamumuhay ayon sa Salita ng Dios: ***"8 At iyong itatali na pinakatanda sa iyong kamay at mga magiging pinakatali sa iyong noo."*** * Ang mga magulang, na namumuhay ayon sa Salita ng Dios, ay nagiging angkop na halimbawa na maaring tularan ng kanilang mga anak. Sila ang mga pastor ng kanilang mga anak at kabataan sa sarili nilang pamilya, ang kapisanan ng Simbahan ng Dios. Ang mga magulang ay ang mga guro ng kanilang mga anak sapagkat hindi ito pananagutan ng simbahan na turuan ang mga bata at kabataan, sa halip ang simbahan ang dapat magturo, magbigay at magsanay sa mga magulang na mga pastor at guro sa kanilang sariling mga anak at kabataan. Ang mga magulang ang magtuturo sa maghihikayat sa kanilang mga anak na sumunod sa mga utos ng Dios na magbibigay ng mga pagpapala, at sa pagdidisiplina sa kanila ng pamalo kung sila'y sumuway. Kung gayon ang Salita ng Dios ay makikita sa buhay ng bawat kasapi ng pamilya, at kikilos sa mga bahagi ng kanilang katawan.

Gayundin, ang makasaserdoteng gawain ay hindi lamang sa loob ng bahay, ngunit ganon din sa labas. Inilalabas namin ang aming mga anak sa labas ng bahay kasama namin at ipinakita sa kanila ang mga bagay na nangyayari sa paligid, ipinapaliwanag sa kanila ang tungkol sa anong tama at anong mali. Kailangan nating sabihin sa kanila nang malinaw kung ano ang tumutugma sa Salita ng Panginoon, at kung ano ang kailangan nilang iwasan. Dapat matutunan ng ating mga anak ang tuntunin ng Bibliya sa buhay mula sa atin dahil tayo ang banal mga saserdote na magpapalaki ng isang banal na pagkaseserdote.

***E. <u>Ang Pamilya bilang Simbahan</u>:*** Bawat Cristianong pamilya ay kumakatawan sa lokal na kapisanan ng Simbahan ng Dios. Araw-araw, dapat magsama-sama ang pamilya sa isang oras na akma para sa bawat kasapi upang basahin ang Salita ng Dios, umawit para sa Dios, at lumuhod sa paanan ni Jesus sa panalangin. Ang pamilya bilang isang lokal na kapisanan ng mga simbahan ay dapat din magkaroon ng araw ng pamamahinga o Sabbath, isang banal na araw, at araw ng pamilya na inilaan sa presensya at kagalakan sa Panginoon. ***"9 Anim na araw na gagawa ka at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain. 10 Nguni't ang ikapitong araw ay sabbath sa PANGINOON mong Dios: sa araw na iyan ay huwag kang gagawa ng anomang gawa, ikaw, ni ang iyong anak na lalake ni babae, ni ang iyong aliping lalake ni babae, ni ang iyong baka, ni ang iyong tagaibang lupa na nasa loob ng iyong mga pintuang daan." (Exodu 20:9-10)***

Ang Sabbath ay isang araw para sa buong pamilya, ang asawang lalaki at babae at ang mga anak, ay magpapahinga mula sa kanilang trabaho, magkaroon ng sapat na tulog, magkaroon ng kasiyahan na magkakasama, at umalis o makilahok sa simbahan sa pagsamba kasama ng ibang mga pamilya o mga kasapi ng Simbahan ng Dios. Ito ay ang araw na bilang pamilya ay makapagpahinga mula sa lahat ng kanilang gawain, pagnilayan at magsaya sa kabutihan ng Dios sa pamilya at sa Kanyang pagpapala sa lahat ng kasapi ng pamilya.

Ang Makadios na pamilya ay hindi dapat makilahok katulad ng ibang pamilya sa mundo nang kanilang mga pagdiriwang katulad ng Araw ng kapanganakan, taunang pagdiriwang ng araw ng kasal, Araw ng Ama, Araw ng Ina, Araw ng mga patay, Araw ng mga puso, Pasko, Bagong taon, atbp. Ang ganitong pagdiriwang ay para sa tao at pagbibigay papuri sa tao at hindi nagbibigay kapurihan sa Dios. Sila ay bahagi ng mga dios-diosan na iniingatan ng mundo. Samakatuwid ang Makadios na pamilya ay hindi dapat manatili o gawin ang ganitong mga araw o pagdiriwang. Habang ang Dios ay gumagawa ng malaking mga bagay para sa kanila, ang pamilya ay dapat tumugon sa kabutihan ng Dios sa pamamagitan ng pagiingat ng Salita ng Dios, pamumuhay sa kabanalan, umalis mula sa mga idolo at kahandaan upang magpatuloy na maglingkod sa Dios.

***F. <u>Ang Simbahan- Tahanan- Paaralan</u>:*** Ang asawang lalaki at babae ay may pananagutan para sa edukasyon at pagtuturo sa kanilang mga anak upang maging makaharing mga pari para sa susunod na saling lahi. Ang edukasyon at pag-aaral ng mga bata na pinangungunahan at sinusubaybayan ng mga saserdote ng pamilya na siyang mag-asawa, ay nagdudulot ng malaking pagbabago sa puso at isipan ng bawat bata. Ang edukasyon ng ating mga anak ay dapat nakabatay at nakapaloob sa Salita ng Dios. Bawat pamilya bilang isang lokal na kapisanan ay dapat maging responsable sa pangangasiwa ng ministeryo para sa mga bata at kabataan para sa

kanilang sariling mga anak. Sa panahon ngayon, ang mga simbahan ay puno ng mga aktibidad ng mga bata at kabataan na binabago ang isip ng mga kabataan mula sa Salita ng Dios patungo sa mundo ng teknolohiya.

Ang katungkulan na palakihin ang makadios na mga supling ay nakaatang sa mga kamay ng mapagkakatiwalaang mga magulang o saserdote sa pamilya. Kaya, hindi ligtas na ipagkatiwala ang ating anak na sanayin at turuan ng sinuman. Ang Bibliya ay inuutusan ang bawat magulang upang maging mabuting mga tagapamahala at administrador sa kanilang tahanan at pamilya, upang maging mabisang mga guro at tagapagturo para sa kanilang anak at paaralan, at maging banal at makaharing mga saserdote para sa kanilang pamilya sa simbahan. Kaya ang asawang lalaki at babae ay kailangan gawing maayos bilang mga pari ng pamilya, at kailangan nilang kumuha din ng isang aktibong bahagi sa simbahan. Gayon pa man ang lalaki ay ang pari na mamuno sa Kaniyang asawang babae: ngunit kapwa sila itinalaga bilang mga pari upang gumawang magkasama sa paggabay sa kanilang pamilya bilang isang simbahan upang sambahin ang Dios. ***"4 Namamahalang mabuti ng kaniyang sariling sangbahayan, na sinusupil ang kaniyang mga anak na may buong kahusayan; 5 (Nguni't kung ang sinoman nga ay hindi marunong mamahala sa kaniyang sariling sangbahayan paanong makapamamahala sa iglesia ng Dios?)" (1 Timoteo 3:4-5)***

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Kaya, bilang banal na saserdote, magalak tayo sa kung ano ang tinawag tayo ng PANGINOON na gawin para sa Kanya. Maging responsable tayo, at maging lalaki o babae ng tapang na lumalakad kasama si Cristo at tapat na naglilingkod sa Kanya. Dapat nating pangunahan ang ating pamilya sa kabanalan at katuwiran. Ito ang ating larangan ng pakikibaka kung saan kailangan nating magtagumpay. At kasama natin ang Dios at tutulungan Niya tayo hangga't tayo ay kabilang sa banal na pagkasaserdote ni JesuCristo.

Tayo'y manalangin….

***Aking Panalangin:*** *Amang Dios, lumalapit ako sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at muling nabuhay mula sa kamatayan upang ibigay sa akin ang buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa mensaheng ito na nagbukas ng aking isipan at mga mata sa iyong Salita at sa iyong kalooban sa aking buhay at malinaw na ipinakita sa akin ang aking mga responsibilidad bilang isang maharlikang saserdote para sa iyo sa aking sariling pamilya at sa simbahan na inilagay mo sa akin. Panginoon, salamat po sa lahat ng pagtutuwid at payo na ipinadala mo sa akin sa mensaheng ito.*

*Lumapit ka ngayon sa Dios at ipahayag ang iyong mga kasalanan. Ipahayag at itakwil ang iyong hindi kagustuhang at kawalang-pasensya sa pagtupad ng iyong tungkulin bilang isang banal na saserdote para sa iyong pamilya at mga anak, at hindi pagtuturo sa iyong mga anak at pagpapalaki sa kanila sa takot sa Dios, pati na rin ang kakulangan ng pagsamba ng pamilya sa inyong bahay at pagbabasa ng Salita ng Dios at panalangin. Ipaghayag at itakwil ang iyong makalupang pamumuhay, ang iyong pagkikisama at pagsasayang ng oras sa mga hindi mananampalataya at mga kaibigan, at ang pagkaalipin sa Media, Balita at mga laro. Ipahayag at itakwil ang iyong maling pamamahala, ang iyong masamang halimbawa at ang iyong hindi kagustuhan na paglingkuran ang Dios at gawin ang Kanyang kalooban. Panginoon, patawarin mo ako, ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na kasalanan* ___________________________ .

*Panginoon, ipinagkakatiwala ko ang aking buhay sa iyong mga kamay upang isagawa ang mga alintuntuning aking natutunan sa mensaheng ito at tuparin ang aking mga tungkulin nang buong-buo bilang isang banal na saserdote para sa aking pamilya na iyong ipinagkatiwala sa akin; para sa aking asawa at mga anak, upang sila ay matustusan, magsimula ng pang-araw-araw na pagsamba, pagbabasa ng iyong Salita, pagluhod at pagdarasal kasama nila, at upang turuan ang aking mga anak at palakihin sila sa pagkatakot sa iyo. Panginoon, panatilihin mong matatag ang aking trabaho at kita upang maipagpatuloy ko ang paglilingkod sa iyo. Panginoon, hinihiling ko sa iyo na pagkalooban mo ako ng pasensya, pagtitiyaga, karunungan sa pag-aayos ng aking oras, mabuting kalusugan at lakas upang magampanan ko ang lahat ng aking mga tungkulin, ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon, salamat po sa aking mga Kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan, at tumugon sa turo ng iyong Salita sa mensaheng ito. Panginoon, patuloy po silang turuan at gabayan ng iyong Banal na Espiritu upang gampanan nila ang kanilang mga responsibilidad nang buong puso para sa iyo. Ipinapanalangin ko rin po na tugunan ang lahat ng kanilang pangangailangan, protektahan sila, at gantimpalaan sila sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga maka-Dios na mga anak na may takot sa iyo, maglilingkod sa iyo, at maging susunod na mga banal na saserdote, ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong simbahan. Panginoon, ipinagkakatiwala namin ang aming mga sarili upang ipagpatuloy ang pagtuturo sa aming mga pamilya, mga anak at mga alagad at sanayin sila upang maging banal na p saserdote ng Dios, magkaroon ng maka-Dios na mga pamilya, pangunahan ang kanilang mga pamilya at anak sa liwanag ng Kasulatan, at turuan ang kanilang mga anak at palakihin sila sa takot sa iyo. Panginoon, ipinagkakatiwala namin ang aming mga sarili upang turuan at ipatupad ang paghahanda para sa maka-Diyos na pag-aasawa. Panginoon, hinihiling namin sa iyo na panatilihin ang aming paaralang simbahan upang matulungan ang aming mga miyembro na mag-homeschool ang kanilang mga anak, at bigyan kami ng angkop na kolehiyo upang maihanda namin ang aming sariling mga anak at mga alagad sa mga propesyon na magpupuri sa iyong pangalan at tutugon sa kanilang mga pangangailangan. Panginoon, hinihiling naming puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu at pagkalooban kami ng mga espirituwal na kaloob at angkop na mga talento na kakailanganin namin upang matugunan at maisakatuparan ang ganitong pangangailangan sa buhay ng iyong simbahan. Panginoon, nananalangin kami para sa mas marami pang aming mga alagad at mga anak na mabautismuhan sa tubig at makatanggap ang bautismong ng Banal na Espiritu. Panginoon, patnubayan mo kami na ipagpatuloy ang pangangaral at makagawa ng mga bagong alagad at magturo ng mga bagong manggagawa upang magtanim ng mas maraming pag-aaral ng Bibliya at mga kongregasyon para sa simbahan. Panginoon, tupdin Mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami nang may kapayapaan sa pamamagitan ng pagtupad sa buong kalooban ng Diyos.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa anumang kapahamakan upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong JesuCristo, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumaatin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Mga Tungkulin ng Pari Yugto 1. Panimula at Mga Alintuntunin sa Pagbuo ng Pamilya. 1 Pedro 2:9. Mga Taga-Roma 12:1. Colosas 1:24-29. Mateo 5:16. 1 Corinto 11:3. Efeso 5:21-26, 33. Malakias 2:15. Hebreo 13:4. Genesis 2:18. Deuteronomio 6:6-9. Exodo 20:9-10. 1 Timoteo 3:4-5.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com